# Silát

Kapag ang mahal sa buhay ay naging isang alaala na lamang, ang mga alaala niya ay maituturing na kayamanan.

Sa aming tahanan, hindi popular si Tatay. Si Inay ang laging bida. Palaging nasa likod lamang ng kamera si Tatay. Lima kaming magkakapatid; 3 lalaki at 2 babae. Kung may kailangan ang isa, kay Inay magsasabi. Kung may pupuntahan, kay Inay magpapaalam. Parang hindi na kailangan ang basbas o opinyon ni Tatay sa mga isyung pampamilya. Hindi naman siya nagrereklamo kaya nasanay na kami sa ganoong kaayusan. Nakagisnan ko na ring hindi sila magkatabi sa pagtulog. Kahit minsan, hindi ko sila nakitang naglambingan. Noong bata pa ako, hindi ko gaanong pinagtuunan ng pansin iyon dahil akala ko ay normal lang ito sa mag-asawa.

Ngayong may sarili na akong pamilya, napagtantô kong hindi tama iyon. At hindi lang ‘yon, marami pang ibang mali sa pagsasama nila. Bakit kaya sila nagkaganoon? Pilit kong hinanap ang sagot.

Sabi ni Inay, hindi naman daw talaga si Tatay ang itinitibok ng kaniyang puso. May isang lalaking kaniyang itinangi pero magkaiba ang kanilang relihiyon kaya si Tatay— na isang kapananampalataya— ang kanya na “lamang” pinili. Boto naman sa kanya ang mga kapatid ni Inay dahil si Tatay ay mabait at mapakisama. Pero ang totoo, sabi ni Tatay, *wala pa siyang ginusto na hindi niya*

*nakuha.* Maganda si Inay— morena, matangos ang ilong at malaking babae—samantalang si Tatay ay pango, maliit at (kung si Inay pa ang magsasabi) pangit. Lihim na kumokontra ang isip ko. Wala naman sigurong anak na napapangitan sa kaniyang magulang lalo na kung wala naman itong ginagawang masama sa kanya. Subalit malakas ang impluwensiya ng ina sa anak. Ang mga bagay na paulit-ulit kong naririnig ang siyang humulmá sa utak ko.

Sabi pa ni Inay, napakadukha ng buhay nina Tatay. Noong bagong kasal sila at nakikisunò pa lamang sa mga magulang ni Tatay, kulang na kulang daw ang gamit sa bahay. Ang Lola raw ay sunod-sunuran lang kay Lolo. Hindi marunong magluto. Hindi naghahanapbuhay. Umaasa lang kung ano ang iniaabot ni Lolo.

Hindi maaari kay Inay ang ganoon. May sarili siyang disposisyon sa buhay. Magaling sa negosyo si Inay. Madiskarte, 'ika nga. Kahit tutol si Tatay sa isang negosyong papasukin ni Inay, itutuloy pa rin niya ito kapag alam niyang kikita siya. Matigas ang ulo niya ngunit kadalasan naman ay nasa tamang lugar. Lagi nilang pinagtatalunan ang pagpapautang ni Inay lalo na sa mga kamag-anak nito. Kuripot siya. Kahit may pera siyang hawak, hindi siya basta-basta magbibigay. At kung sakali man, marami ka munang salitang maririnig. Kaya kami ay nasanay sa pagtitipid. Kung mayroon mang pagkakagastusan sa eskuwelahan gaya ng field trip ay hindi na ako sumasama tutal hindi rin naman ako papayagan kahit na may pambayad namang maibibigay si Inay. Hindi rin

kami naghahanda kapag mayroong may kaarawan sa pamilya. Pero si Tatay, kung may pera din lang ay madaling hingian pag may gusto kaming bilhin. Sa kanya ko nga hiningi ang pambili ng minimithi kong pantalon noong kolehiyo ako.

Mahina ang loob ni Tatay sa negosyo. Ang tanging alam niyang hanapbuhay ay pagsasaka subalit nitong bandang huli, nag-buy and sell na rin siya ng kalabaw. Mahilig siya sa kalabaw lalo na yaong isinisingkaw sa kariton. Kahit maghapon at magdamag na pag-usapan ang tungkol dito ay hindi siya magsasawa. Pag may bagong bili siyang kalabaw, halos hindi siya makatulog. Madaling araw pa lamang ay naroon na siya sa kural. Tinititigan niya ito habang umiinom ng kape. Alagang-alaga niya ang kanyang kalabaw; pinapakain, pinapaliguan, inaahitan, ipinagsasákate ng damo at kung minsan ay binubugawan pa ng lamok sa gabi. Kulang na lang ay magtabi sila sa pagtulog. Mas marami pa siyang oras na ginugugol sa kural kaysa sa bahay.

Madalas sabihin ni Inay na walang alam si Tatay; hindi alam magkarpintero o magkumpuni ng anomang sirang gamit o bahagi ng bahay. Madalas siyang ikumpara sa ibang ama ng tahanan na magaling sa ganito at ganoon. At iyon ang madalas maging dahilan ng kanilang pag-aaway.

Noong bata pa ako, nawala sa loob ko minsan na may *silát* sa aming batalan, lumusot ang kaliwang paa ko, dire-diretso. Nag-iwan iyon ng peklat sa aking hita. Sinisi ni Inay si Tatay. Kung nakumpuni raw sana ito agad ay hindi

ako masisilat. Ang totoo, hindi lang naman sa batalan namin mayroong silát; bagkus mayroon din sa sala, sa komidor at kusina kaya nga lamang ay makikitid ang sahig doon kaya hindi naman lulusot ang paa. Isa pa, sanay na rin kaming umiwas. Kabisado na namin kung saang bahagi ng bahay mayroong silát. Natatagpian rin naman ang mga iyon kapag may nagawi sa amin ang kapatid ni Inay. Karamihan kasi sa kanila ay alwági katulad ng kaniyang ama. Gumagawa rin sila ng muwebles. Kumpleto sila ng gamit sa karpinteriya hindi tulad ni Tatay.

Mainit ang sitwasyon sa bahay tuwing panahon ng gawaan sa bukid. Kapag patanim, maraming manananim at magbubunot ng punla ang pakakainin. Kapag anihan naman, manggagapas at gumigiik ng palay ang pinapakain. Nagagalit si Tatay kapag atrasado si Inay sa pagpapakain. Katuwiran niya, ang mga manggagawa sa bukid ang katuwang niya sa pagpapalago ng aming kabuhayan. Kung hindi raw sa mga taong iyon ay walang gagawa sa aming bukid at hindi kami makapag-aaral. Sa mga panahong ganoon— kapwa sila abala— kapwa pagod at mainit ang ulo. Ako naman ay tuliro, takot at tensiyonado. Parang naghihintay na lamang ng bulkang sasabog. Kung maaari nga lang sana, laktawan na lamang ang panahon ng taniman at anihan. Ang mga panahon na dapat sanang ipinagdiriwang ay pinagmimitsahan ng away ng aking mga magulang.

Bukod sa pagtitinda ng kung ano-ano at pagpapautang, sanay ring manahi ng damit si Inang. Tuwing Pasko at gradwasyon, pareho kaming nakabago ni Ateng ng bestida. Magkaterno kami palagi . Noong rekognisyon ko sa baitang 1, si Tatay ang nagsabit sa akin ng láso. Naramdaman ko pa sa may likuran ko na hinalikan niya ako sa buhok. Iyon lang ang natatandaan kong halik niya sa akin. Ang mga sumunod na rekognisyon at gradwasyon hanggang matapos ako ng kolehiyo ay hindi ko na nakasama si Tatay. Hindi na siya naging kabahagi ng mga mahahalagang okasyon. Ni hindi nga siya ang naghatid sa akin sa altar nang ikinasal ako. Si Kuyang, panganay namin, ang pinili kong maghatid sa akin. Sabi naman ni Tatay, ayos lang dahil hindi rin naman daw niya kakayanin. Parati siyang hindi kasali sa eksena. Wala siya sa iskrip. May kung sinong direktor ang nagpupuwera sa kanya. Habang lumalaon, palayo kami nang palayo sa isa't isa.  Mula sa *ilog* ay naging *dagat* na ang pumapagitan sa aming dalawa.

Kapag nagtatalo si Tatay at Inay, pakiramdam ko'y nasa loob ako ng isang pugon. Mainit na mainit. Nagbabaga ang paligid. Nakapapasò. Gusto kong tumakas pero hindi ko ginagawa. Kailangan kasi nila ng réperi. Hindi naman sila humahantong sa sakitang pisikal; talakan at sumbatan lang madalas kung sila ay mag-away. Nagpapalitan ng masasakit na salita o mas dapat sabihing isang panig lang sa kanila ang maraming sinasabi. Pero higit sa kanilang dalawa, ako ang bugbog— psychologically and emotionally— dahil ako ang madalas na

saksi. Kapag masyado nang tensiyonado ang sitwasyon, tumatalikod na si Tatay. Pupunta siya sa bukid, sa kaniyang mga kapatid. Doon ang kanyang santuwaryo. Doon, siya ang bida. Siya ang astig. May dala siyang kape, tinapay o anomang mapagsasalu-salohan na labis namang ikinatutuwa ng kaniyang mga pamangkin. Habang wala siya, uulit-ulitin na naman ni Inay ang kaniyang mga linya tungkol sa mga kapintasan ni Tatay. Para siyang sirang plaka.

May isang napakatinding away ang aking mga magulang na hindi ko makalimutan. Palibhasa'y magkatabi lang ang aming bahay, nasabi agad sa akin ni Inay na iba ang ikinikilos ni Tatay. Pinagbantaan pa raw siya nito. May pinagseselosan. Malalâ na ito. May napipintong masamang magaganap kung hindi ko aagapan. Nasa Maynila pa naman noon ang asawa ko. Pinatulog ko muna nang maaga ang mga bata at saka ko isinama sa bahay namin si Inay upang mailayo kay Tatay. Hindi naman ako makahingi ng tulong sa kapitbahay dahil ayaw kong maiskandalo kami. Maya-maya pa, tumapat na sa bahay namin si Tatay. Pilit na pinapalabas si Inay. Bahagya kong hinawi ang kurtina upang sumilip sa bintana. Nakita ko ang panlilisik ng kaniyang mga mata. Tikom ang mga kamao. Laglag ngunit nanlalapad ang mga balikat. Anomang oras ay handang sumugod. Parang may kung sinong kalaban. Parang ibang tao siya noon. Tao pa nga ba? Kulang na lamang ay sungay at pangil. Hatinggabi na ay aali-aligid pa siya sa bahay namin. Palakad-lakad. Ako naman ay nagpapakakalma. Pinakikiramdaman ko ang mga kilos niya. Pupuwersahin kaya

niya ang pinto namin para makapasok siya? Habang pigil sa panginginig ang boses, ang sabi ko, "Tatay, ipagpabukas na ninyo iyan. Matulog na tayo." Nakahiga ako pero nangangaykay ang aking katawan. Ganoon pala pag sumosobra ng takot, hindi mo makokontrol ang reaksiyon ng iyong mga kalamnan. Bawat himaymay ay kumikibot. Nangangatog ang mga tuhod. Umaalon ang aking dibdib. Naglalakbay ang diwa. Nakikini-kinita ko ang taong nasa labas. Naririnig ko ang mahihinang yabag na paroo't parito. Paano kaya kung magpilit pumasok si Tatay? Malamang, laman kami ng diyaryo kinabukasan. Ano kaya ang pamagat? A, ayokong isipin. Bagaman si Inay ay nagkukunwang tulog, alam kong ganoon din ang nararamdaman niya. Hindi siya nagpapahalata pero alam kong takot din siya. Napakahaba ng gabi. Napakatagal mag-umaga. Sana ay lumiwanag na. Kung nakatulog man ako o si Inay ay hindi ko na namalayan.

Pagsapit ng madaling araw, umalis si Tatay. Nagkaroon kami ni Inay ng pagkakataong lumabas. Maraming salamat at nasilayan pa namin ang isang bagong umaga! Kung saan man nagpunta si Tatay, huwag na sana siyang makabalik nang buhay. Pero sadyang hindi marapat ang aking hiling. Kinahapunan, umuwi rin siya. Parang walang nangyari.

Tumawag ako kay Kuyang. Pinuntahan niya si Tatay. Kinumpronta at parang batang pinagalitan. Mataas ang boses ni Kuyang na parang tauhan lang niya ang sinasabon. Hindi niya hiningi ang panig ni Tatay. Inamin naman ni

Tatay na galit na galit talaga siya kay Inay at gusto raw niyang basagin ang mukha nito. Mabuti na lamang pala at nailayo ko siya agad. Bagaman hindi namin narinig ang puno't dulo ng isyu, kay Inay ang aming simpatiya.

Nagtangka si Tatay na kausapin ako pero ni hindi ko siya hinayaang makahirit. Hindi ko siya binigyan ng pagkakataong makapagpaliwanag. Sinumbatan ko siya. Halos magwala ako. Ang tanging nasabi lamang niya, "Hindi ako masamang tao." Gayunpaman, ang dagat sa pagitan namin ay naging *karagatan*. Hindi ko siya kinakausap o pinapansin. Ipaghain ko man ay hindi ko sinasabayan sa pagkain. Subalit ang mga anak ko ay hindi ko pinagbawalang lumapit sa kaniya. Itinataboy ko pa nga. Sila man lang ay mapalapit kay Tatay. Ang aking mga anak ay nagsilbing tulay sa pagitan naming mag-ama.

Kaming mga anak ay tulay rin na nag-uugnay sa aming mga magulang. Kapag tungkol sa anak ang pinag-uusapan, magkasundo sina Tatay at Inay. Pareho silang mapagmahal sa anak. Kung anoman ang pinaghihirapan nila, para iyon sa amin. Bagaman hindi matamis ang kanilang pagsasama, nakatapos naman ng pag-aaral kaming magkakapatid. Maliban kay Diko, sumunod sa panganay, na pinili na lamang magsaka. Tatlo sa aking mga kapatid ay engineer at pawang may matataas na posisyon sa kani-kanilang trabaho at ako naman ay Certified Public Accountant. Sabi ni Tatay, higit pa sa pinangarap niya ang naabot namin.

Napupuri ako ni Tatay sa pag-aalaga ko sa aking mga anak nang walang katuwang na yaya. Para naman kay Inay, mas mabuti raw na naghahanapbuhay rin ako gaya niya. Mahilig talaga siyang magkumpara at ang ibinibigay niya laging "mabuting" ehemplo ay ang sarili niya. Sa bagay, magaling naman talaga siyang magnegosyo.  Dahil sa sariling pagsisikap, napalago niya ang kaniyang pera. Ang tawag nga ng iba sa kanya ay bángko. Takbuhan siya ng mga nagigipit. Marami siyang naluluwagan. Sana dumami rin nang ganoon ang pera ko. Nagkaroon din naman ako ng maliit na negosyo na ikinatuwan naman ni Tatay. Suportado niya ako. Siya ang nagbabantay sa mga bata habang ako ay wala.

Minsan, nagkasama kaming magsimba ni Tatay sa kabilang barangay— sakay ng kaniyang multicab. Kuwento siya nang kwento habang nagmamaneho. Masiglang-masigla at ang saya saya niya. A, napakadalang nga pala naming magkasolo. Masaya rin ako. Mas mapalad ako marahil kaysa sa iba kong mga kapatid dahil baka sila ay hindi nagkaroon ng ganoong pagkakataon. Hindi nila nakakakuwentuhan si Tatay. Hindi ko makakalimutan ang maikling biyahe naming iyon ni Tatay dahil darating pala ang pagkakataon na ituturing kong kayamanan ang simpleng alaalang yaon.

Makalipas lamang ang ilang buwan— alas tres ng hapon— humahangos na pinuntahan ako ng pinsan kong si Mat. Ang sabi, "Ditse, Ditse, umuwi ka. Masama ang lagay ni Uncle." Paano kaya mangyayari 'yon e ang lakas lakas ni

Tatay nang iniwan ko sa bahay? Kaya nga lamang, hindi niya nasundo noon ang anak ko dahil masakit daw ang kanyang balakang. Maliban doon, wala naman siyang idinadaing. Normal pa rin niyang ginagawa ang pang-araw-araw niyang gawain. Bagama't nabigla ako, dali-dali akong umuwi.

Inabutan ko si Tatay sa kuwarto niya na latag na latag ang katawan. Bagong bihis (dahil naihi raw sa salawal). Maputla ang buong katawan. Pero makinis, mabango at bagong ahit na parang may okasyong pinaghandaan. Bahagya na lamang makapagsalita. Wala namang masakit. Si Diko umiiyak sa tabi niya at wala sa huwisyo. Si Inay, umiiyak din sa kusina. Ako na lamang ang may disposisyon ng mga sandaling iyon bagama't mas bata ako kay Diko. Kalmado ako. Ako ang naghanap ng masasakyan. Ako ang nagdesisyon kung saang ospital dadalhin si Tatay. Hindi na namin isinama si Inay upang hindi na niya masaksihan kung ano man ang masaklap na kasunod ng tagpong iyon. Nararamdaman kong mayroon….

Sa emergency room ng ospital, dalawang doktor agad ang dumalo kay Tatay. Batay sa mga sintomas , Aneurysm ang diyagnosis nila. A, iyon ang sakit ni Fernando Poe, Jr. Bagsak ang blood pressure ni Tatay kaya walang anomang medical procedure na puwedeng gawin. Hindi rin siya puwedeng ilipat ng ibang ospital hanggang hindi stable ang vital signs. Dinala siya sa Intensive Care Unit. Doon, bukod sa dalawang doktor, nakaalalay din ang head nurse. May kung ano-anong gamot ang isinama sa suwero niya. Kinabitan siya ng catether ngunit

hindi naman nalamnan ng ihi. Lumolobo ang tiyan niya. Hindi iyon magandang pangitain. Wala ring maibigay na pag-asa ang mga doktor. Pakiramdam ko, hindi lang nila ako madiretso. Tinawagan ko ang mga kapatid at pamangkin kong nasa Maynila. Isa-isa silang nagdatingan. Kinakausap nila si Tatay. Pinapalakas ang loob. Noong una, nakapagsasalita pa siya nang mahina. Hanggang sa dumating si Kuyang. Halos mata na lamang ang naigagalaw ni Tatay. Bukod sa pagkikipag-usap sa mga tumitinging doktor, may tinawagan pa si Kuyang sa Maynila upang humingi ng pangalawang opinyon. Pareho lang din ang sinabi; malabo ang pag-asa at hindi puwedeng galawin. Gayunpaman, nagpakuha pa rin siya ng ambulansiya upang ilipat si Tatay sa Maynila kung saka-sakaling bumuti ang lagay. Pag-asa iyon laban sa pag-asa.

Habang lumalalim ang gabi, kumalat ang balita. Parami na nang parami ang mga kamag-anak na nagdatingan sa ospital subalit kaming pamilya lamang ang nasa ICU. Napapaligiran namin ang kama ni Tatay. Wala siyang improvement. Nang lumaon, bagaman tumitibok pa ang puso, nakapikit na lamang siya. Pag mayroong kumakausap, bahagya niyang iginagalaw ang kaniyang kilay katunayang naririnig niya. Sabi ni Kuyang, "Tatay, puwede ka nang magpahinga total maayos naman na kaming magkakapatid." Bahagyang iginalaw ni Tatay ang talukap ng kaniyang mga mata. Tila sumang-ayon. Sinabihan kami ni Kuyang na magpaalam kay Tatay. Ang hirap namang gawin niyon. Isusuko na namin siya? Yumakap si Jet, ang bunso namin, kay Kuyang

habang humahagulgol. Kaya raw pala naisipan niyang umuwi. (Noong tinawagan ko kasi siya ay nakasakay na siya ng bus pauwing Bulacan.) Si Ateng, iyak na nang iyak. Ako? Blangko. Para akong nakalutang. Manhid. Hindi ko pa nawawari ang mga nangyayari. Nagpapatangay lang ako sa agos. Pagkatapos nilang ibulong ang mga salita ng pamamaalam, ako naman ang lumapit sa kanya. Yumakap nang kaunti. Walang lumabas sa aking bibig. Nakapikit na lang si Tatay. Walang katinag-tinag. Payapa.

Mga bandang alas dose ng hatinggabi, pagkatapos lamang ng walong oras sa ospital, binawian ng buhay si Tatay. Pawang mahihinang hikbi lamang ang maririnig sa ICU. Maging ang nars at mga doktor ay nakita kong lumuha. Hindi nila iniwan si Tatay hanggang sa huling sandali. Nasaksihan nila ang pagmamahalan ng pamilya namin. Nakita nilang ang lahat ng opsiyon ay ikinunsidera upang maisalba ang buhay ni Tatay. Pero hanggang doon na lang 'yon. Yaon na lamang 'yon. Ganoon lamang kabilis mawala ang buhay; parang inilipad lang ng hangin. Ganoon katahimik na dumating si Kamatayan; parang magnanakaw sa gabi. Walang babala. Pero hindi ba ganito ang kamatayang pinangarap ni Tatay? 'Yung hindi na siya maghihirap at magpapahirap. 'Yung hindi masakit. Muli, natupad na naman ang sinasabi niya: *wala siyang ginusto na hindi niya nakuha.*

Sadya sigurong malakas sa Itaas si Tatay kaya pati sa paraan ng pagkamatay ay napagbigyan siya. Isa na namang pangarap niya ang natupad. At

kung dito siya susukatin, marahil maituturing na mabuting tao si Tatay. Wala siyang tinapakang tao. Walang bisyo. Walang dahilan para siya ay parusahan ng langit kaya namatay siya nang may dignidad. Graceful exit, ‘ika nga.

Napakaraming nagpunta sa burol ni Tatay lalo na noong huling gabi. Puno ng sasakyan ang magkabilang gilid ng kalsada sa kahabaan ng barangay namin. Rekord ‘yon. Maraming hindi makapaniwala sa maaga niyang pagpanaw. Maraming natitigilan muna bago lumapit sa kabaong niya. Nangingilid ang luha. Marami silang anekdota. Ang iba, tahimik lang na nakaupo sa isang tabi. Ganoon pala ang namamatayan, malaking bagay ang mapuntahan ka ng mga tao kahit walang sabihing salita ng pakikiramay. Kahit tapikin ka lang sa balikat. Kahit unabis na wala kundi presensiya lamang. Ang dami palang nagmamahal kay Tatay. Bakit noon ko lang nalaman? Bakit hindi ko nakita ang mga katangian niya noong nabubuhay pa siya? Mas mabuti pa ang ibang tao, ang daming alam tungkol kay Tatay. Marami silang karanasan kasama si Tatay. Bakit ang sa akin, mabibilang lamang sa daliri? Ang isa kong pinsan nagkuwento pa sa akin kung paano siya sinagip ni Tatay mula sa isang abusadong partner sa Maynila. Bakit di ko nabalitaan ang kabayanihang ‘yon? Dahil hindi naman niya binubuhat ang sarili niyang bangko? O dahil hindi namin siya nabigyan ng pagkakataong magkuwento? Abalang-abala kami sa kani-kaniya naming buhay. Kung meron man kaming nabibigyan ng atensiyon, si Inay lang ‘yon. Siya lang ang madalas naming kausap.

Hindi umalis si Inay sa tabi ng kabaong ni Tatay sa buong panahon ng burol. At ang malabis pala niyang iniiyak— ilang araw daw bago namatay si Tatay— inamin nito na talagang mas magaling si Inay kaysa sa kanya.

Sa paglipas ng mga araw, may nakakasalamuha pa rin akong ibang tao na nakadaupang-palad ni Tatay at panay ang papuri sa kanya. Hindi pa rin ako makapaniwalang wala na siya. Ang dami ko pang dapat gawin para sa kanya. Marami pa kaming dapat puntahan sakay ng kaniyang multicab. Marami pang okasyon ang dapat niyang masaksihan. Magtatapos na sa kinder ang paborito niyang apo. Sino na ang maghahatid sa kaniya sa eskwelahan sa pasukan? Ang daming tanong. Ang daming panghihinayang. Ang daming sana.

Isang araw, binalikan ko ang pinaglibingan kay Tatay at sa ibabaw ng katatanim na Bermuda grass ay nakita ko ang puting marmol na may nakasulat:

"In loving memory of

"Daniel R. Libunao

"Born: November 24, 1935

"Died: March 24, 2007"

A, patay na nga si Tatay. Katunayan, heto may lapida na siya. Napaluhod ako. Napaiyak. Umiyak ako nang umiyak. Yumuyugyog ang balikat ko sa kaiiyak. Noon lamang lumabas ang aking emosyon.

Kinausap ko si Tatay. Kahit alam kong hindi naman niya ‘ko maririnig, kinausap ko pa rin siya nang kinausap. Sinabi ko ang gusto kong sabihin na sana’y noon ko pa sinabi nang siya ay nabubuhay pa.

Hindi na maibabalik ang panahon. Maglupasay man ako, hindi na siya muling mabubuhay. Mananatili ang panghihinayang. Mananatiling may puwang sa aking puso na hindi mapupunan ng sinoman kailanman. Ang silát sa batalán namin noong araw ay maaaring tagpian— subalit ang silát sa puso ko— mananatili habang buhay.

Sabi nila, walang sugat na hindi pinaghihilom ng panahon. Para sa akin, may sugat nababawasan lang ang kirot subalit hindi ito lubusang gumagaling.

Walong taon matapos mawala si Tatay, nalulungkot pa rin ako. Naaalala ko siya tuwing may okasyon gaya ng mga kasal at kaarawan. Sana andito siya. Ang dami na niyang na-miss. Hindi na niya nakita ang apo niya sa tuhod. Hindi na niya nasaksihan ang mga tagumpay na nakamtan ng kaniyang mga anak at apo. Hindi na niya nabasa ang tulang isinulat ko para sa kaniya. Hindi na niya napanood ang maraming panalo ni Pacquiao. Hindi na sana siya magtitiyaga sa delayed telecast sa telebisyon dahil may pay per view na sa bahay.

Kung kailan nawala si Tatay, noon ko nakita ang mga kabutihan niya. Marami siyang hindi kayang gawin. Oo. Pero hindi ba’t kani-kaniya namang kaloob ang bawat tao? Oo nga’t hindi siya marunong magkarpintero, magaling

naman siyang magsaka at kumilatis ng kalabaw. Subalit dapat nga ba siyang ikumpara? Mayroon siyang mga katangian na wala sa ibang lalaki.

Kung ako ang magdidirehe ng pelikula ng aking sariling pamilya, all-star cast ang gusto ko. Hindi ko hahayaang mawala sa eksena ang aking asawa, ang ama ng aking mga anak. Hindi ko sasagkaan ang mga sandaling pagsasamahan nila. Bibigyan ko silang mag-aama ng sarili nilang oras. Hindi ko mamalaitin ang asawa ko lalo na sa harap ng aming mga anak. Pupunuan ko ang kaniyang mga pagkukulang. Kung mayroon man siyang kapintasan— siguro'y ikukubli ko na lamang upang hindi ito maging batik sa pagkatao ng aming mga anak— dahil nais ko'y ikarangal nila ang kanilang sarili. Hindi ko tutulutang magkaroon ng bakanteng espasyo sa puso nila. Ang nais ko ay buo ang aming pamilya: may *ama*, may ina at mga anak. Nang sa gayon— isa man sa amin ang mawala— hindi magkakaroon ng **silát** sa puso ng sinomang maiiwan.